

Coronavirus (COVID-19)

FAQ para sa Relebong Tulong sa Sakuna para sa mga Imigrante

Ano ang Proyekto na Relebo na Tulong sa Sakuna ng mga Imigrante?

Bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19, ang California ay nagbibigay ng isang-beses na pinondohan-ng-estado na relebo na tulong sa sakuna para sa walang dokumentong mga adulto na hindi karapat-dapat para sa ibang mga uri ng tulong, kasama ang tulong na Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act at pandemikong benepisyo sa walang trabaho, dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang pagpopondo ng estado ay inaasahan na umabot sa halos 150,000 na walang dokumento na mga adulto.

Ang Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California ay may pagpipilian na labing dalawang mga walang pondong organisasyon na nagbibigay serbisyo-sa-mga-imigrante na makatulong sa mga indibidwal na nalalapat at makakatanggap nitong relebong tulong sa sakuna sa kanilang rehiyon. Ang isang walang dokumento na adulto na kwalipikado na makatanggap ng \$500 na direktang tulong, na may pinakmataas na \$1000 na tulong sa bawat samabahayan.

Kelan makukuha ang relebong tulong sa sakuna?

Ang mga indibidwal ay maaaring mag-umpisa na mag-aplay sa Mayo 18, 2020. Makukuha ang tulong hanggang ang pagpopondo ay magagastos o hanggang Hunyo 30, 2020, ang pinakahuli. Ang mga aplikante ay kokonsiderahin base sa first come, first served basis. Ang mga aplikante ay maaaring humingi ng tulong sa mga walang kita na (mga) organisasyon na itinalaga sa kanilang residente sa county.

Pakitandaan:

- Ang pagpopondo ay limitado, at ang aplikasyon sa serbisyo at tulong sa relebo sa sakuna ay hindi garantisado.
- Ang mga walang kita na organisasyon ay hindi makakatulong sa mag indibidwal bago Mayo 18. Ang mga indibidwal ay **hindi dapat** makipag-ugnay nang mas maaga tungkol sa tulong sa relebo sa sakuna.

Sino ang karapat-dapat para sa tulong sa relebo sa sakuna?

Ang mga karapat-dapat na mga indibidwal ay maaring magbigay ng impormasyon na mayroon silang (1) mga walang dokumneto na adulto (taong na nasa edad 18 pataas); (2) ay hindi karapat-dapat para sa pederal na tulong sa relebo ng pederal para sa COVID-19, tulad ng CARES Act tax stimulus payments o mga benepisyo sa pandemikng walang trabaho; at, (3) may karanasang ng paghihirap bilang resulta ng COVID-19.

Kung may isang tao na nakatanggap ng relebong tulong sa sakuna, makakaapekto ba ito sa kanilang abilidad na makakuha ng green card (pag-adjust sa katayuan) o maging mamamayan ng U.S.? Ang pagtanggap ba nitong tulong na ito magiging isang pampublikong gastusin?

Ang relebong tulong sa sakuna ay hindi-isang-paraan ng pagsusuri at isang-beses na tulong. Hindi inilista ng gobyernong pederal ang tulong na ito bilang isang pampublikong benepisyo para sa konsiderasyon ng pampublikong gastusin. Ngunit, walang inisyu ang USCIS sa anumang tiyak na gabay sa tulong na ito.

Kung may mga katanungan tungkol sa katayuan sa imigrasyon at sa tulong na proyekto na ito, pakikonsulta ang abogado sa imigrasyon. Dagdag na impormasyon, kasama ang listahan ng libre at mababang-gastusin sa serbisyong tagapagkaloob sa imigrasyon, ay makikita sa [Gabay sa mga Imigrante ng California](#).

Protektado ba ang personal na impormasyon na ibinogay sa mga walang kita na mag-aplay sa relebong tulong sa sakuna?

Ang impormasyon na ibinigay sa mga walang kita na organisasyon ay gagamitin lamang sa pagkumpirma sa pagiging karapat-dapat at magbigay ng relebong tulong sa sakuna sa mga karapat-dapat na mga indibidwal, ang mga walang kita na mga organisasyon ay magbabahagi ng pangkalahatang demograpikong impormasyon (hal. edad, kasarian, napiling lengguahe, etc) sa Estado ng California tungkol sa mga aplikante, ngunit walang personal na impormasyon (hal. pangalan, address, atbp.) ang maibibigay sa anumang ahensiya sa gobyerno.

Paano mag-aplay ang isang tao para sa relebong tulong sa sakuna?

Inilabas ng CDSS ang listahan ng walang kita na organisasyon na napili sa mamahala sa relebong tulong sa iba't-ibang rehiyon sa California dito: <https://cdss.ca.gov/inforesources/immigration/covid-19-drai>.

Ang mga indibidwal na interesado na mag-aplay para sa tulong na ito ay dapat makipag-ugnay sa walang kita na organisasyon na nakalista sa kanilang county hindi lalampas sa Mayo 18. Ang mga interesadong aplikante ay maaaring makipag-ugnay sa organisasyon sa kanilang county nang direkta tungkol sa makukuhang tulong. Tutulong ang walang kita na organisasyon sa mga indibidwal sa proseso ng aplikasyon, kumpirmahin ang kanilang pagiging karapat-dapat, at ibigay ang kabayaran sa kard na naaprubahang aplikante. Kokonsiderahin ang mga aplikante base sa first come, first served basis.

Limitado ang pagpopondo, at ang serbisyo at tulong sa relebong tulong sa sakuna ay hindi garantisado.

Ilang tao sa sambahayan ang maaaring makatanggap ng relebong tulong sa sakuna?

Ang maksimong dalawang adulto sa bawat sambahayan ang maaaring kwalipikado sa para sa tulong na ito sa kabuuang \$1000 sa tulong sa bawat sambahayan. Ang sambahayan ay nangangahulugang ang mga indibidwal na naninirahan at namimili at naghahanda ng pagkain nang sama-sama.

Paano matatanggap ng mga karapat-dapat na mga indibidwal ang relebong tulong sa sakuna na ito?

Kung ang isang tao ay natagpuang karapat-dapat at naaprubaha ang kanilang aplikasyon, ang tumulong na walang kita na organisasyon sa kanilang pag-apay ay magbibigay ng karagdagang impormasyon kung paano nila matatanggap ang kanilang kabayaran sa kard sa pagpick-up ng personal o sa pamamagitan ng koreo.

Gaano katagal na mag-aplay sa relebong tulong sa sakuna?

Ang mga aplikante ay kokonsiderahin base sa first come, first served basis. Ang \$75 million na direktang tulong ay maipapamahagi sa mga indibidwal na naaprubahang aplikasyon simula Mayo 18, 2020, hanggang nagastos ang pagpopondo o hanggang Hunyo 30, 2020, sa pinakahuli. Sa pagbigay ng ekonomikong kahirapan sa ng walang dokumento na mga adulto na karanasan dahil sa COVID-19, ang relebong tulong sa sakuna na to ay maaaring maubos sa loob ng maikling panahon.

Kung hindi ako maka-aplay para sa relebong tulong sa sakuna, makakatung ba ang ibang mga oranisasyon sa akin?

Kaakibat sa California philanthropy, Grantmakers Concerned with Immigrants and Refugees (GCIR) na ipinamalas ng California Immigrant Resilience Fund nais na mangalap ng \$50 na milyon sa pagbigay ng tulong sa salapi sa mga walang dokumento na mga taga-California at ang kanilang mga pamilya na hindi karapat-dapat para sa COVID-19 na tulong pederal at mga programang safety-net sa estado. Ang Resilience Fund ay isang hiwalay ngunit nakikibahagi na pagsisikap sa pagmamahagi ng pribadong kontribusyon upang makatulong sa walang dokumento na mga taga-California sa ekonomikong

paghihirap dulot nitong pandemiko. Upang makita ang listahan ng mga organisayson na nakikibahagi sa pagsiwalat ng Resilience Fund na tulong sa sakuna bumisita sa www.immigrantfundca.org/

Saan ko makikita ang impormasyon tungkol sa ibang serbisyo at programang gobyerno na maaring akong karapat-dapat sa panahon ng pandemikong COVID-19?

Makikita mo ang makakatulong na impormasyon tugkol sa mga serbisyo at programa sa mga imigrante ng California sa [Gabay sa mga Imigrante na taga-California](#), kasama ang impormasyon tungkol sa mga trabaho sahod, at mga benepisyo at maliliit na negosyo aty suporta sa pabahay. Bumista sa www.covid19.ca.gov at i-klik ang Gabay sa mga Imigrante sa taga-California na tab.